Salarin

Gloc-9

The dates go on, we down for sure
But on my own (Now tell me everything's all right)
I pay my own way, sold my soul
We on the clock (You tell me name my price)
You reap what you saw but that ain't what I see
Whatever happened to the promise we would've dreamed
I'll just do my time and take what's due me
When tomorrow comes, it's just another day

Mga daliring nakaturo, dugo na tumutulo
Pangalang nakasulat sa maputik na dipuho
Katanungan na mula pa sa ating mga ninuno
Saan ba ang daan bakit hindi niyo maituro
Kaing-kaing na hinaing, daang-daang daing
Ang lunas ba'y imposible parang dilat na bahing
Lahat malinaw kahit bulag o mata'y nakapiring
Parang ang daming doktor pero di gumagaling
Ang bayan kong minamahal ganito na lamang ba
Na ang iyong kaunlara'y dinadaanan ng iba
Sa kanila galing ang bigas, di ka ba nagtataka
Bakit meron paring nagugutom na magsasaka
Kamusmos ang nasa lansangan kayod kahit maalinsangan
Patuloy sa pagdami tila di nababawasan
Ang problema teka kung gusto mo talagang malaman
Ay sumama ka sa amin at subakan nating pagmasdan ang

The dates go on, we down for sure (Now tell me everything's all right)
I pay my own way, sold my soul (You tell me name my price)
You reap what you saw but that ain't what I see
Whatever happened to the promise we would've dreamed
I'll just do my time and take what's due me
When tomorrow comes, it's just another day

Silang mga nagiging biktima tila dikit-dikit sila
Leeg na ginilit pinilipit kasi gipit sila
Makuha lang ang perang inipon sa alkansya
Sa isang gisap mata pabilisang magpasya na ang
(You just don't see why I try)
Sayo ay akin, at ang sa'kin ay akin palagi
Ganyan ang buhay na parang buhol-buhol na tali
Kailangang dumiskarte, kailangang makabawi
Kakapit sa patalim walang baka-bakasakali
Kasi walang trabaho makuha dun sa amin
At bihirang mapahiran ng mantika ang pagkain
Hindi naman ako kinukulang sa panalangin
O tinatamaan lamang ng aking suntok ay hangin
Ngayo'y nakakulong pero matagal ko nang nalaman
Na ang katarungan daw ay para lang sa mayayaman
Ang katotohanan ba ay gusto mong masilayan
Halika't sabay-sabay nating tingnan ang katibayan sa

The dates go on, we down for sure (Salamin)
Had my own way, sold this soul (Salarin)
You reap what you saw but that ain't what I see
Whatever happened to the promise we would've dreamed
I'll just do my time and take what's due me
When tomorrow comes, it's just another day

The dates go on, we down for sure (Salamin)
I pay my own way, sold this soul (Salarin)
You reap what you sow but that ain't what I see
Whatever happened to the promise we would've dreamed
I'll just do my time and take what's due to me
When tomorrow comes, it's just another day

Fight or fly, or will we simply fade away
Tired of all the talking
We're still singing the same old songs
Yet things haven't changed
Bayad ko buhay ko, ba't ganun (Bayad ko buhay ko, ba't ganun)
Bayad ko buhay ko, ba't ganun (Bayad ko buhay ko, ba't ganun)
Bayad ko buhay ko, ba't ganun (Bayad ko buhay ko, ba't ganun)
Bayad ko buhay ko, ba't ganun

Mama bayad bayad, utak kong sumayad
Malakas ang hangin baka nama'y walang layag
Oo nang oo pero di naman pumapayag
Mainit na tinapay na ang palaman ay amag
Sa bayan na laging malakas ang mga bulong
Kahit umusad ay tila di umiikot ang gulong
Mga bulag at pipi ang gamit lang ay ilong
Bakit nangangamoy bulok ang inyong mga barong

Mama bayad bayad, utak kong sumayad
Malakas ang hangin baka nama'y walang layag
Oo nang oo pero di naman pumapayag
Mainit na tinapay na ang palaman ay amag
Sa bayan na laging malakas ang mga bulong
Kahit umusad ay tila di umiikot ang gulong
Mga bulag at pipi ang gamit lang ay ilong
Bakit nangangamoy bulok ang inyong mga barong

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!